## Protektahan ang inyong sarili at and inyong sanngol sa unang "bakuna na panlaban sa kanser"

### Kung hindi pa kayo apektado sa impeksiyon, kailangan magpa-bakuna laban sa HBV

Hepatitis B ay maaaring maisalin sa pamamagitan ng walang proteksyon na pagtatalik, nahawaan na dugo (pag-hati ng sipilyo, labaha o karayom sa pambutas o pang-tattoo).

Walang panganib ang tatlong (3) serye ng bakuna na ibinibigay sa loob ng 6 na buwan, kahit na kayo ay buntis. Ang Hepatitis B ay napaka-epektibo laban sa kanser sa atay at tinawagang unang "bakuna laban sa kanser".

### Siguraduhin na mapabakunahan ang inyong bagong silang na sanngol

Mula 1991, inirekomenda ng US National Guidelines sa lahat ng bagong silang na sanggol na mapabakunahan laban sa Hepatitis B. Ang 3 serye na bakuna ay para protektahan ang inyong sanggol laban sa HBV, sa kanser sa atay at sa ibayong pinsala sa atay.

| Kailan | Tatanggap ang sanggol ng bakuna |
|---|---|
| Pagka-silang | unang bakuna pagka-silang |
| 1-2 buwan | pangalawang bakuna |
| 6 buwan | pangatlong bakuna |

Ang bakuna ay walang panganib, kahit sa maaga na na-isilang (pre-mature) na sanggol.



# Magka-isa Laban sa HBV.

Ang **Jade Ribbon** ay tiniklop na parang Chinese karakter para sa lahat "人" na simbolo sa pagkakaisang tinig ng mamamayan laban sa Hepatitis B at kanser sa atay sa buong mundo.



Para sa karagdagan na impormasiyon, bisitahin ang http://liver.stanford.edu

**Asian Liver Center**
**at Stanford University**
300 Pasteur Drive, H3680
Stanford, CA 94305-5655
Tel: (650) 72-LIVER
1-888-311-3331
Fax: (650) 723-0006

Tagalog Edition
© 2007 Asian Liver Center



# Hepatitis B At Ang Mga Nag-dadalantaong Ina



## HBV at mga ina na nag-dadalantao

- Hepatitis B (HBV) ay seryosong impeksyon na maaaring paslangin ang atay at dahil dito, maaaring mahahantungan ng maagang pagkamatay.
- Sa Amerika, may mga 10-15 na katao na namamatay sa araw-araw mula sa impeksyon na HBV.
- Impeksiyon mula sa Hepatitis B ay puwedeng maisalin mula sa ina sa kanilang sanggol na kapapanganak.
- Sa mga Filipino, madalas maisalin ang impektion na Hepatitis B mula sa ina sa kanyang sanggol.
- Ang mga sanggol na may impeksyon mula sa HBV ay may 90% na pagkakataon na magkaroon ng matalak na impeksyon.

Puwede nang maiwasan ang HBV mula sa epektibong bakuna.

### Tanungin ang inyong manggagamot ang resulta ng eksamen ng dugo sa HBV

Halos lahat ng tao na may impeksiyon ay walang nararamdaman. Kung kayo ay nagdadalan-tao, hilingin sa inyong manggagamot ang mga sumunod na eksamen sa dugo:

- **Hepatitis B surface antigen (HBsAg):**
  Ang resulta ay magpapahayag kung kayo ay may impeksiyon at makakahawa kayo ng HBV at Hepatitis B.

## Karagdagang Pag-iingat kung Kayo ay Isang Ina na may HBV

### Habang nagdadalang-tao:

Sa kasalukuyan, ang gamot laban sa HBV ay hindi nirerekomenda habang nagdadalan-tao. Kung kayo ay kasalukuyang ginagamot, kausapin ang inyong manggagamot.

### Pagkasilang:

Bukod sa unang bakuna laban sa HBV, siguraduhin na ang inyong sanggol ay makakatanggap ng Hepatitis Immuno-globulin (HBIG) na bakuna.

| Kailan | Ang bagong silang na sanggol na ang Ina ay may HBV impeksiyon |
|---|---|
| **Pagkasilang** | unang HBV bakuna pag-kasilang **at Hepatitis B immunoglobulin (HBIG)** |
| 1-2 buwan | pangalawang HBV bakuna |
| 6 buwan | pangatlong HBV bakuna |
| **9-18 buwan** | **HBsAG at anti-HBs* na eksamen para malaman na ang inyong sanggol ay protektado sa impeksiyon** |

*Ang Hepatitis B surface antibody (anti-HBs) eksamen sa dugo para malaman kung protektado kayo sa HBV.

**Cesarean sections** (C-sections) ay hindi pa natutuklasan kung ito ay makakapigil ng pag-salin ng HBV mula sa ina sa kanilang sanggol. Ang bakunang HBV at HBIG ay ang pinaka-mabuting paraan para ma-protektahan ang inyong bagong silang na sanggol laban sa impeksiyon na HBV.

### Sa Unang anim (6) na Buwan:

Mahalaga sa inyong sanggol na kumpletuhin ang serye ng bakuna sa Hepatitis B sa tamang oras at panahon. Ito ay 95% epektibo na proteksiyon ng inyong sanggol laban sa impeksyon sa HBV.

Pag-papasuso ay hindi mapanganib sa inyong sanggol. HBV ay hindi naisasalin sa pag-papasuso ng gatas mula sa ina sa kanilang sanggol.

## Mga ina na may HBV Kayo ay importante din!

### Siguraduhin na magpa-eksamen para sa sakit sa atay

Kahit kayo ay walang simtomas at malusog ang pakiramdam, kayo ay nanganganib din na magka-sakit ng kanser sa atay, ngunit sa tamang pagpapa-eksamen, kayo ay mabubuhay ng normal at malusog:

| Bawat | Ekasamen | Para saan |
|---|---|---|
| Anim (6) na buwan | ALT eksamen sa dugo | Pinsala sa atay |
| | AFP eksamen sa dugo | Kanser sa atay |
| Isan (1) taon | ultrasonograpiya sa tiyan | Kanser sa atay |

### Huwag magmadali sa pag-gamot

Hindi lahat na may impeksiyon sa HBV ay nangangailangan gamutin. Subalit, kung ang grado na inyong ALT ay pataas ng pataas, maaring kailangan nang mag-umpisa sa paggamot. Kahit na walang gamot sa Hepatitis B, paglaan na pag-gamot ay maaaring mabawasan ang panganib sa sakit at kanser sa atay.

Suriing mabuti sa inyong manggagamot ang lahat ng mga gamot . Kahit na ang mga nabibili na gamot sa butika at ang “herbal” na gamot ay puwedeng makapinsala sa atay.

### Magpabakuna laban sa Hepatitis A

### Iwasan and pag-inom ng alkohol

### Protektahan ang mga mahal sa buhay

Siguraduhin na ang inyong pamilya at ang inyong mga mahal sa buhay ay magpa-eksamen sa HBV at magpabakuna kung hindi pa protektado.Maaring tawagan kayo ng lokal na senter para siguraduhing protektado ang inyong sanggol sa HBV.